

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**October 19, 2020 (12:07 P.M. – 1:12 P.M.)**

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali, Pilipinas. Mask, hugas, iwas po para tayo ay makapaghanapbuhay nang lahat.

Punta muna po tayo sa ating balitang IATF. Nagpulong po ang mga miyembro ng IATF noong Huwebes, October 15, at ito po iyong mga napagkasunduan:

In-adjust po ang age-based stay at home restrictions. Pinayagan nang lumabas ang mga nasa edad 15 hanggang 65. Ngunit maaaring magbigay nang mas mataas na age limit for minors ang mga lokal na pamahalaan depende sa COVID-19 sitwasyon sa kanilang mga nasasakupan.

Na-streamline din po ang rules ng intrazonal at interzonal travel. Ano ba ang pagkakaiba ng interzonal at intrazonal? Ang interzonal movement po ay galaw ng tao, bagay o serbisyo sa mga probinsiya at mga lungsod na may ibang community quarantine classification. Samantala, ang intrazonal movement ay ang galaw po ng tao, bagay o serbisyo na may parehas na community qualification.

Kaugnay nito, in-update rin po ang listahan ng Authorized Persons Outside of Residence or APOR, kasama na ang returning o repatriated Overseas Filipino Workers at Overseas Filipinos returning to their places of residence at mga taong sumailalim sa quarantine at ngayon ay nagbabalik sa kanilang mga probinsiya at kinakailangang bumiyaha at pinayagan naman ng kanilang lokal na pamahalaan.

Paano naman po ang mga non-APOR, Authorized Persons Outside of Residence 'no, ang interzonal at intrazonal movement ay pinapayagan sa mga lugar na nasa GCQ at MGCQ subject sa regulasyon ng lokal na pamahalaan o sa kaso ng Isla ng Boracay, subject sa regulasyon ng Boracay Inter-Agency Task Force.

Kaya nga po ang sabi ni Task Force COVID Shield General Eleazar ay makipag-ugnayan po sa LGU na inyong pupuntahan kung ano ang mga requirements nang hindi po maantala ang inyong pagbibiyaha.

Sa usapin naman po ng curfew, nagsabi ang IATF sa mga LGU na huwag isama ang mga manggagawa, APORs at necessary establishments sa aplikasyon ng curfew ordinances.

Bilang bahagi ng pagbubukas ng ekonomiya, ang IATF ay pinahihintulutan ang DTI na i-adjust ang onsite operational capacities ng lahat na pinapayagang business establishments and/or activities sa ilalim ng GCQ or lower.

Ang mga establishments at mga malls ay maaaring magsagawa ng activities para magkaroon ng economic o business activity subject sa DTI guidelines in the operations of malls and shopping malls.

Binigyan din ng IATF ng awtoridad ang DOT para alamin ang operational capacity ng mga hotels at accommodation establishments, pati na rin ang ancillary establishments malapit sa mga hotel tulad ng restaurants, café, gyms, spas at iba pa.

Binago rin ang test before travel requirement sa Isla ng Boracay. Kung dati ay kailangan ng mga turista na papunta ng Boracay ay kinakailangang magpa-RT PCR test 48 hours prior to arrival, ngayon ay pinalawig ito at ginawang 72 hours prior to the date of travel.

Na-lift na rin po ang restrictions ng non-essential outbound travel of Filipinos effective October 21. Pinapayagan nang lumabas ng bansa pero kinakailangang magsumite ng kumpirmadong roundtrip ticket at sapat na travel at health insurance sa mga bibiyaheng may hawak na tourist visas; pagsulat sa Immigration declaration kung saan sinasabi na alam ng bibiyahe ang panganib na kasama sa pagbiyahe; at negative antigen result 24 hours bago lumipad subject to DOH guidelines.

So apat po iyang requirements 'no, hindi po pupuwede na pupunta lang sa airport at lilipad. Confirmed roundtrip tickets, declaration acknowledging the risk, negative antigen test at saka iyong pagsusunod po sa guidelines ng IATF kapag bumalik sa Pilipinas which is facility quarantine hanggang lumabas po ang PCR results.

Pinayagan na rin po subject to conditions ang beach volleyball tournament ng Philippine Super Liga sa ilalim ng sports bubble concept. Ilan sa mga kundisyon ay ang pagsunod sa health safety protocols; pagkakaroon ng safety and health officer; pagsasapinal ng matitirhan; at pagsunod sa Joint Administrative Order #2020-001 ng DOH, Philippine Sports Commission at Games and Amusement Board.

Puwede na rin ang operation ng off-track horse bet racing stations sa mga lugar sa ilalim ng GCQ or lower subject sa health at safety protocols.

At panghuli, pinapayagan na po ang operation ng licensed cockpits at mga sabong sa mga lugar sa ilalim ng MGCQ or lower basta sumunod sa health at safety protocols at implementing guidelines ng DILG. Pero bawal pa rin po ang in person audience, online or remote na pagtaya at live broadcast or telecast ng mga sabong. Ang lokal na pamahalaan ang may huling desisyon kung itutuloy niya ang sabong sa kanilang lugar.

Kaugnay po rin ng pagbubukas ng ekonomiya, naglabas ang DTI ng Memorandum Circular #20-53 kung saan pinapayagan na magbukas ng 50% operational capacity ang mga travel agencies, tour operators, reservation service at iba pang related activities sa mga lugar na nasa ilalim ng GCQ, samantalang 100% naman sa mga lugar na nasa ilalim ng MGCQ. Ang lahat ng mga ito ay subject sa mandatory minimum public health standards.

Sa DTI pa rin po, naglabas din po ang DTI ng isa pang Memorandum Circular # 20-54 na nag-aalis ng quantity limits ng disinfecting alcohols, hand sanitizers, disinfecting liquids at facemasks – N95 at N88.

Inilabas ng Mababang Kapulungan po ang Committee Report # 560 na naghihikayat sa IATF, NTF at DOTr na i-extend ang motorcycle taxi pilot study program.

Sa iba pang usapin, lumabas na ang resulta ng panibagong survey ng Social Weather Station tungkol sa aksyon ng pamahalaan laban sa COVID-19. Apat na areas of concern ang kinunsider [considered] ng SWS sa pagtukoy sa aksyon ng pamahalaan. Ito ay ang pagsisiguro na may tamang impormasyon kung paano labanan ang COVID-19; pagsisiguro na may malawak na contact tracing; pagsisiguro na mura ang COVID-19 testing sa buong bansa; at panghuli, pagsisiguro na may sapat na tulong para sa mga nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19.

Pito sa sampung Pilipino or 71% ang nagsabi na may sapat na aksyon ang pamahalaan pagdating sa pagbibigay ng impormasyon sa publiko kung paano labanan ang COVID-19. Kaugnay nito ay nagpapasalamat po kami sa inyo at ang IATF ay nagpapasalamat din po 'no. Ito ay isang pagkilala sa amin na mabigyan kayo ng tama at napapanahon na impormasyon tungkol sa paglaban sa coronavirus.

Pagdating sa contact tracing, nasa 67 naman po ang nagsasabing may sapat na contact tracing na isinasagawa ang pamahalaan sa buong bansa. Ayon sa DILG, mayroon na tayong 35,345 contact tracers as of October 16. Mayroon pa pong 15,000 contact tracers tayong kukunin para sa ating target na 50,000 contact tracers.

Nasa 54% naman po ang nagsasabing may sapat na mura or affordable na COVID-19 testing. At 44% ang nagsabi na ang aksyon ng pamahalaan para makatulong sa mga nawalan ng trabaho ay sapat. Ito ang dahilan kung bakit binubuksan natin po ang ating ekonomiya dahil naniniwala tayo na kailangang matuto ang mga Pilipino na mabuhay bagama't nariyan po ang COVID-19. Hindi pupuwedeng magtago tayo sa kuweba habang may COVID-19 tulad ng gusto ng ilan. Ito rin po ang dahilan kung bakit binubuksan pa po natin iyon sektor ng transportasyon dahil siyempre po, kung sarado pa rin ang transportasyon, talagang hindi makakapasok pa rin sa trabaho ang mga mayroong trabaho.

Kilala na natin po ang kaaway na virus. Napaghandaan natin ito sa paglalagay ng karagdagang doktor, nurse, kama, ventilators, kuwatro at PPE. Alam natin paano ito maiiwasan sa pamamagitan ng mask, hugas at iwas. Nandito na tayo sa puntong ingat-buhay para po sa hanapbuhay.

COVID-19 updates po tayo. Ito po ang global update sang-ayon sa Johns Hopkins, higit tatlumpu't siyam na milyon na po o 39,876,764 ang COVID-19 sa buong mundo. Mayroong higit na isang milyong katao o 1,112,426 ang binawian ng buhay dahil sa coronavirus.

Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos; pangalawa ang India na may pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa mundo; sinundan ng Brazil, Russia at Argentina. Ang mga numero po ay eight million, seven million, five million, one million, and 989,000 respectively.

As of October 18, lampas apat na milyon or 4,106,475 na pong mga Filipino ang na-test natin sa 112 licensed RT-PCR laboratories and 35 licensed GeneXpert laboratories.

Mayroon po tayo ngayong 39,808 na active cases ayon sa October 18 case bulletin ng DOH at sa numerong ito, 82.8% ay mild; 11.5% ay asymptomatic; 1.9% ay severe at 3.7% ay critical.

Parami nang parami po ang gumagaling, mayroon na po tayong 310, 158 na nai-report na recoveries as of October 18. Samantala, malungkot ko pong ibinabalita na as of October 18 din, mayroon na po tayong 6,652 ang na-report na binawian ng buhay dahil sa COVID-19. Nakikiramay po kami.

Dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Kasama po natin ngayon, walang iba kung hindi si DOE Secretary Alfonso Cusi para bigyan-linaw ang inprubahang desisyon ng ating Pangulo na payagan muli ang paghahanap ng tanging-yaman dito o sa karagatan na kabahagi ng ating exclusive economic zone lalung-lalo na diyan sa Reed Bank.

At kasama rin po natin si MMDA General Manager Jojo Garcia para sa pinakahuling rekomendasyon ng ating mga mayor.

Secretary Cusi, the line is yours po.

**SEC. CUSI:** Magandang tanghali, Secretary Harry Roque at magandang tanghali po sa ating lahat, sa ating mga kababayang na nakikinig ngayon.

Tama po iyon, nai-lift na po natin ang moratorium sa West Philippine Sea, so, ibig pong sabihin puwede na pong magsimula ng exploration iyong mga kumpanya na nabigyan natin ng lisensiya para po mag-explore. At ito po ay isang pangunahing hakbang, isang konkretong hakbang ng gobyerno para po tugunan ang pangangailangan natin sa isang seguridad ng enerhiya para po magkaroon tayo ng resiliency, security sa ating energy supply para sa seguridad po naman ng ating mga next generation.

**SEC. ROQUE:** Okay. Sir, ang tanong lang po ng marami: ibig sabihin po ba nito, iyong mga pribadong kumpanya na mayroong service contract diyan sa lugar na iyan pupuwede nang mangalap muli ng tanging-yaman diyan sa area na iyan?

**SEC. CUSI:** Tama po iyon, Secretary Harry. Kasi po noon pong 2012 nag-issue po ang pamahalaan ng moratorium na pinatitigil pansamantala iyong pag-explore ng mga resources diyan po sa West Philippine Sea.

Ngayon po, nagpapasalamat po tayo sa ating Pangulong Duterte na pinahintulutan na po niya na magsimula tayo ng exploration at binigyan na po natin ng notisya iyong mga kumpanya na mayroon na pong mga lisensiya diyan na iniisyu naman po ng pamahalaan ng Pilipinas na magsimula na po sila sa lalong madaling panahon para po tayo makatuklas ng bagong supply ng ating mga petrolyo at natural gas, Secretary Roque.

**SEC. ROQUE:** Sec. Cusi, huling tanong na lang. Tama ho ba ako na parang positibo rin po ang naging official response ng Tsina dito sa naging balitang ito?

**SEC. CUSI:** Sa nabasa ko po sa reaction po ng Tsina, wala naman po akong nakikitang adverse reaction po nila, ano po. Ang sinasabi nila ay ang tuluy-tuloy na pag-uusap para po magkaroon ng joint development ang Pilipinas sa China sa West Philippine Sea, Secretary Roque.

**SEC. ROQUE:** So, sa panig po ng Pilipinas, can we confirm po na tuloy pa rin ang pag-uusap doon sa joint exploration natin with China?

**SEC. CUSI:** Opo, tuluy-tuloy po naman. Iyong atin pong unilateral action to lift the moratorium, hindi po naman natin isinasantabi iyon pong ating MOU with China to do a joint development. Alam po naman natin lahat na ang hangarin po ng ating Pangulo sa simula pa lang eh makuha na po natin, ma-tap po natin iyong mga resources po diyan sa West Philippine Sea para naman po mag-enjoy ang ating mga mamamayan, ang Filipino, para po naman mapabuti ang kabuhayan at ekonomiya ng Pilipinas.

**SEC. ROQUE:** Last na last na po talaga. Iyong mayroon pong service contracts ngayon na mga Pilipinong kumpanya, dahil nag-uusap pa po ang Pilipinas at Tsina sa Joint exploration, pupuwede naman po na iyong joint exploration ay sa pamamagitan nitong mga service contractors?

**SEC. CUSI:** Kahit naman po magkaroon ng joint exploration ang Tsina at Pilipinas, kailangan pa rin po natin ang service contract because tayo po, Pilipinas po, diyan sa West Philippine Sea, we are talking of the West Philippine Sea, ay ang DOE po under our Constitution, binigyan ng kapangyarihan para po mag-regulate ng activities sa as far as oil and gas exploration diyan sa lugar na iyan po.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat sa pagbibigay-linaw po dito sa naging anunsiyo ninyo noong isang araw.

Kasama rin po natin si MMDA General Manager Jojo Garcia.

GM, ano pong mga bagong rekomendasyon ng ating mga mayor?

GM? GM, wala kang audio, baka naka-mute.

**GM GARCIA:** Magandang tanghali po, Secretary Roque and Secretary Al Cusi. [indistinct] magandang tanghali po sa ating lahat.

**SEC. ROQUE:** Good morning po! The floor is yours.

**GM GARCIA:** Opo. Kagabi po nagkaroon kami ng pagpupulong ng ating mga mayors po, kumpleto po iyong 17 mayors natin ng Metro Manila. Ang naging first topic po namin is— (technical difficulties)

**SEC. ROQUE:** Tuluy-tuloy lang po kayo.

**GM GARCIA:** Opo, ano. Nagpapasalamat kami kay Secretary Tugade at kay Chairman Delgra po at nadinig po iyong mga suhestiyon ng ating mga mayors at aayusin po nila ang public transportation sa NCR ito pong week na ito. After po noon, nagkaroon kami ng pagpupulong sa IATF Secretaries po – kay Secretary Año, Secretary Lorenzana, Secretary Galvez, Secretary Dizon and Secretary Mon Lopez at nagbigay po ng mga suggestions ang ating mga mayors.

Unang-una po, in-adjust na natin iyong curfew nang 12 A.M. to 4 A.M., at ito po ay mangyayari itong linggong ito dahil aayusin pa po iyong mga ordinansa o EO ng ating mga mayors pero expected po within the week, 12 to 4 na po ang ating curfew except Navotas. Ang Navotas po is 8 P.M. to 5 A.M. dahil ang *[garbled]* si Mayor Toby, na ang Navotas po, iyan iyong dulo ng Metro Manila at mas more po sila na mga residential ano. Iyong mga industrial sites naman nila allowed naman ang APOR diyan na magtrabaho, so, dito po para lang maiwasan iyong mga naka-standby, mga nag-iinuman, nakikipagtsismisan sa kalsada kaya binigay pa rin ni Mayor Toby iyong 8 P.M. to 5 A.M. sa Navotas.

Ang second pong napag-usapan ay iyong mga APOR po iyong sa age bracket po at ang sabi naman po, gradual naman ang pag-increase ng mga lalabas. So, ang in-approve po so far ng ating NCR mayors is from 18 to 65 ang Metro Manila po ano; iyong 15 to 65 po, ito po iyong sa buong Pilipinas na MGCQ pa. Alam naman po natin ang Metro Manila nasa GCQ pa rin kaya gradual na lang po iyong increase, so, 18 to 65 po ang recommendation ng ating NCR mayors.

At pangatlo po, iyong tungkol po sa attendance sa Simbahan. Nag-suggest po ang ating mga mayors, unanimously, 17 – 0 po ang score diyan, na payagan na rin ang 30% capacity sa mga Simbahan po, pero of course, approval pa rin po ng IATF iyan, iyong sa amin po recommendation lang ano. Ang naging reason po ng mga mayors natin, iyong psychological moral issues po ng ating mga kababayan kailangan na po ng tulong na face to face na makapagsimba po, kaya iyan po ang naging dahilan nila para at least eh baka mapagbigyan po na 30% ang capacity.

Pangalawa po, nakita naman po natin sa mga Simbahan kapag 10% capacity sa labas po nagkukumpulan at madaming tao which is mayroon namang safe distance sa loob as long as na iyong minimum health protocols po eh susundin. At lastly po, by December 1, baka mag-adjust muli— (technical difficulty)

**SEC. ROQUE:** Nawala po.

**GM GARCIA:**—and 3 A.M. na lang (choppy audio) 12 A.M. to 3 A.M. po para bigyang daan po iyong Simbang Gabi sa December, by December 16 po iyan kasi nga po ang katuwiran ulit is baka ang ating mga Simbahan po magdagdag na lang ng misa para iyong capacity po madagdagan dahil sa 30% po hindi po kakasya talaga iyong mga may pananampalataya sa Simbang Gabi. So, by 3 A.M. po sisimulan ang mass, next po 4 then 5, then 6 para ma-solve po lahat ng gustong magsimba.

**SEC. ROQUE:** Okay. Well, GM, lilinawin ko lang. Ang desisyon po dahil may karapatan kayo magdesisyon ay 18 to 65 ang pupuwedeng lumabas. So, tinaasan ninyo iyong 15 dahil binigyan naman po ng kapangyarihan ang mga lokal na pamahalaan na itaas iyong edad ng mga bata na pupuwedeng makalabas at saka ang curfew po ay 12 to 4 dahil iyan naman po talaga ay magiging epektibo lang kung sumasang-ayon ang mga lokal na pamahalaan.

Ang rekomendasyon ay itaas sa 30% pagsamba sa mga Simbahan. So, mayroon pong dalawang desisyon at isang rekomendasyon kasama na rin po iyong rekomendasyon na pagdating ng December 1 eh babaguhin na nga o iyong desisyon na po ito dahil curfew naman ito, pagdating ng December 1 magiging 12 to 3 na lang ang curfew. So, ang rekomendasyon lang po ay iyong 30% na pagsamba sa ating mga simbahan.

**GM GARCIA:** Tama po iyon at irirespeto po namin kung ito po ay papayagan o hindi ng IATF but we trust also the wisdom of the IATF regarding po sa mga ganitong matters po. At ang sabi rin ng mga mayors natin, hindi porke't nagbubukas tayo eh malilimutan natin iyong mga health protocols 'no. Nandiyan pa rin po iyon at paigtingin lalo ng ating mga mayors. Napakaganda po ng numero ngayon ng NCR, bumaba na po tayo sa 6,112 iyang— (technical difficulties)

**SEC. ROQUE:** Nawala po kayo.

**GM GARCIA:**—So, more than 70% na po ang nawala sa active cases. Maganda po ang numero, so, we want to maintain it kaya nga gradual po talaga iyong increase ng mga lumalabas at sinisiguro po ng ating mga mayors na iyong health protocols po ay masunod.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, GM. I hope you can join us for our open forum.

So, buksan na po natin ang ating open forum with our colleagues dito sa Malacañang Press Corps. Usec. Rocky, go ahead please.

**USEC. IGNACIO:** [OFF MIC] Good morning, Secretary Roque. Question from Rose Novenario of Hataw: Reaksiyon po sa sinabi ni MMDA Assistant Secretary Celine Pialago sa issue ni Reina Mae Nasino.

**SEC. ROQUE:** [OFF MIC] naman po kasi—oops. Like as I said, tingin ko po personal na opinyon niya iyan. Hindi naman po kasi related sa MMDA iyang issue na iyan. So hayaan po natin na magkaroon ng personal na opinyon si Spokesperson Pialago.

**USEC. IGNACIO:** Ang susunod po niyang tanong: A court decision was issued last week directing the government to proceed with projects to computerize the Bureau of Customs' system which was canceled by BOC Commissioner Bert Lina before. What is the position of government on this court order? Will it comply with the directive?

**SEC. ROQUE:** Well, kinausap ko po si Commissioner Jagger 'no, ang sabi po niya tatanungin po niya sa Solicitor General dahil ang Solicitor General ang abogado ng Pilipinas sa kasong iyan. For further queries on that issue po, paki-direct na po directly either sa OSG or kay Commissioner Jagger kasi may conflict of interest po ako diyan.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Joyce Balancio, ABS-CBN please.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Good afternoon, Secretary Roque. Sinabi po ni DTI Secretary Ramon Lopez kanina sa Laging Handa na perfect balance na po for NCR ang extension ng GCQ until December pero with more sectors being opened at mahalaga daw po nakakabalik na sa trabaho iyong ating mga kababayan. Is this a better option na pinag-aaralan po ng IATF, i-extend na lang ang GCQ until December?

**SEC. ROQUE:** Well, iyan po ang parang nabubuong consensus pero siyempre po hindi ko pupuwedeng pangunahan 'no because it is a collegial decision. Pero ang nangyayari po kasi ngayon bagama't naka-GCQ ang Metro Manila eh nagkakaroon po tayo nang mas malawak na pagbubukas ng mga industriya na iyan naman po ang kinakailangan 'no at iyan po ay kabahagi po noong ating mensahe na kinakailangan pag-ingatan ang buhay para makapaghanapbuhay po.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** But also, Secretary, you mentioned sa interview mo this weekend na possibly ready na rin ang NCR for MGCQ. So, either options pupuwede?

**SEC. ROQUE:** Well, tingnan po natin kasi ang sinabi ko naman po pupuwede kung patuloy na bumaba ang numero 'no. Bumababa po talaga ang numero 'no pero monthly naman po ang ating desisyon so hindi pa naman tapos ang Oktubre at bagama't mayroon na tayong mga initial data po 'no na pinag-aaralan ng mga eksperto natin para sa classification ng buwan ng Nobyembre.

So pagpatuloy lang po natin ang mask, ang hugas at ang iwas at tingin ko naman po anything is possible. Bagama't ang non-negotiable na po, kinakailangan talaga makapaghanapbuhay na tayo kahit anong classification pa iyan.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** All right. Sir, on a different topic. Since 2019 our research team in ABS-CBN has been trying to get hold of copies of President Duterte's SALN since



2018 and iyong mga succeeding SALNs po niya. Unfortunately, sir, pinagpapasa-pasahan po iyong aming research team ng Office of the Ombudsman and also ng Office of the President until inabutan na nga po ng stricter rules ng Office of the Ombudsman. To be categorical about it, Secretary, and also in the spirit of transparency, makikita pa po ba ng publiko ang SALN ng Pangulo from 2018 and onwards?

**SEC. ROQUE:** We leave that to the Office of the Ombudsman which is a constitutional body tasked with implementation of our laws relating to public officers.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** In relation to that Secretary, since pinagpapasa-pasahan nga po iyong aming research team, can you give us a clear process kung papaano po kami makakakuha ng SALN since nakalagay po doon sa regulations ng Office of the Ombudsman na kailangan po ng permission ng taong subject of that SALN. Should we write to the Office of the President? And will you—will the Office of the President give us permission to access those SALN?

**SEC. ROQUE:** Well, if that is what the Ombudsman said, I advise you to comply with it.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Okay. Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Thank you, Joyce. Back to Usec. Rocky please.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, question from Kris Jose of Remate: Reaksiyon po sa naging rekomendasyon ng Metro Manila Council sa IATF na iklian po ang curfew sa Metro Manila from 12 to 4 na po siya ng umaga na dating 10 P.M. to 5 in the morning? At ano na po ang masasabi ninyo sa apela ng Catholic Church na mas iklian pa ang curfew hours para raw po mas maraming mass services ang magawa sa Simbang Gabi na magsisimula po sa December 16? Ang apela po ni Manila Bishop Broderick Pabillo ay gawin itong 3 A.M. mula po sa 5 A.M.

**SEC. ROQUE:** Well, hindi lang po rekomendasyon iyan ng mga Metro Manila mayors, iyan po'y kasunduan na na kanilang ipatutupad dahil nakasaad po sa IATF resolution na talagang mga lokal na pamahalaan naman po ang magpapatupad ng curfew. So kasama na rin po iyan iyong sinabi ni GM Jojo na pagdating ng first of December 12 to 3 ang curfew.

Ang rekomendasyon lang po na aantayin natin na aksiyon ng IATF eh pagdating po doon sa pagtataas ng porsiyento ng pupuwedeng magsimba na face-to-face 'no dahil ngayon po kasi sa GCQ 10%. Ang rekomendasyon ng mga mayor ay itaas po sa 30%. Iyan naman po ay tatalakayin ng IATF.

**USEC. IGNACIO:** Question from Aileen Taliping of Abante Tonite: Tanong po ng mga pribadong manggagawa tungkol sa 13<sup>th</sup> month pay, makakatanggap pa rin ba sila ng buong 13<sup>th</sup> month pay sa kanilang kumpanya kahit hindi sila pinapasok nang halos limang buwan? Ang iba kasi skeletal force lang ang operation sa panahon ng pandemic at ngayon lang muli sila pinapasok ng kanilang kumpanya.

**SEC. ROQUE:** Okay. Tinanong po natin si Usec. Benjo Benavidez, Usec for Labor Relations ng Department of Labor. Ang sagot po niya, "*Pro-rata based on the actual salary earned.*" Iyan po iyong kaniyang kasagutan.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Joseph Morong, please.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Hi, sir. Good afternoon.

**SEC. ROQUE:** Happy birthday to you...

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Salamat, sir. Salamat.

**SEC. ROQUE:** So for that, you are entitled to half additional question [laughs].

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, in terms of statistics 'no, last time ang tiningnan ninyo is iyong attack rate, daily attack rate and iyong two weeks na increase 'no. Right now, anong mayroon tayo na statistics in terms of those numbers?

**SEC. ROQUE:** Well, ngayon po wala pa akong hawak 'no, kasi ang mayroon ako was as of last week. Pero mamaya po ipipresenta ni Secretary Duque kay Presidente ang numero kaya kung napapansin ninyo nailalabas ko iyong numero kasi iyan iyong numero na prinisenta kay Presidente. So bukas po ilalabas ko po iyang numerong iyan.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Okay, sir. 'Cause the reason why I asked is, okay, ito iyong mga ginawa natin the past couple of weeks 'no. You want to increase iyong transportation, binaba natin iyong age ng mga bata na puwedeng lumabas, tinaasan natin iyong mga seniors and other things. Taken all together at saka iyong number of businesses that are opened, sabi ni Sec. Mon 95%. Our present community quarantine, you call it GCQ but in essence it looks likes, sounds likes, talks like MGCQ. Ba't hindi ninyo na lang sabihin, sir, na MGCQ, in essence ganoon din naman siya?

**SEC. ROQUE:** That's a decision of the IATF 'no pero tama po kayo, mas maluwag na GCQ ang pinapairal ngayon sa Metro Manila.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Or are we afraid that you may say MGCQ, iyong mga tao biglang magri-relax?

**SEC. ROQUE:** Well, kasama na po iyon 'no, kasi ngayon naman po tingin ko kaya ang numero ay bumababa dahil sumusunod sa health protocols ang ating mga kababayan at isang dahilan na rin dito eh si Presidente na ngayon ang humihingi sa ating mga kababayan na mag-mask, maghugas at mag-iwas.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Where is the confidence coming from, sir, to relax all of these things?

**SEC. ROQUE:** Well, it's a combination of the fact that the indicators are getting better and the fact na iyong riyalidad, kinakailangan nang magkaroon ng hanapbuhay dahil habang sarado po tayo eh wala pong hanapbuhay ang marami sa ating mga kababayan.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, short lang. Iyon pong recommendation ng MMDA na 18 to 65 and then curfew of 12 to 5 A.M., approved iyon? Power naman nila iyon eh.

**SEC. ROQUE:** That's a rule already because according to the IATF resolution, the local governments may increase the age of young people that are allowed out and the MMDA already decided it is 18 to 65. So in Metro Manila, it's 18 to 65.

Number two iyong hours ng curfew, again that's up to the local government, that's a recommendation of both the Cabinet and IATF at nagdesisyon na po ang Metro Manila na 12 to 4 except pagdating ng December 1, it will be 12 to 3 to accommodate Simbang Gabi.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** All right. Sir, can I go a little bit to Secretary Cusi?

**SEC. ROQUE:** Yes, please, because it's your birthday.

**JOSEPH MORONG:** Sir, iyong service contract na pinag-uusapan na i-resume is iyong service contract number 38 ba iyan?

**SEC. CUSI:** Ano po iyon, I'm sorry?

**JOSEPH MORONG:** Sir, iyong service contract, sir, na iri-resume natin because of the recent order of the Presidente, is that the service contract number 38?

**SEC. CUSI:** No, service contract 38 that pertains to Malampaya that is presently operating.

**JOSEPH MORONG:** So, anong mga service contract, sir, iyon? Are you offering or they are already offered?

**SEC. CUSI:** Iyong suspended ang operation sa West Philippine Sea, lima iyong service contract. Isang service contract 72, 75, 54, 58 and 59. So, limang service contract po iyon.

**JOSEPH MORONG:** And, sir, doon sa service contracts na iyon, may Chinese company?

**SEC. CUSI:** No, those service contracts were issued to Filipino and Malaysian. There were two that with foreign companies.

**JOSEPH MORONG:** But this is not precluding maybe involvement of the Chinese government in the future? Other service contracts for example?

**SEC. CUSI:** We are open to all nationalities na mag-apply for service contract at the West Philippine Sea. In fact, we just had the first round of the PCECP or what we call the Philippine Conventional Energy Contracting Program na mayroon doon ang mga nominated areas and iyong identified areas already, pre-determined areas. Iyong mga pre-determined areas nakuha na halos lahat iyon. Tapos doon sa nominated areas, there were three companies that nominated, that are presently under evaluation now.

**JOSEPH MORONG:** Sir, last na lang. Iyon po bang joint exploration with China, does it not compromise our position in the context of our win in the arbitral tribunal?

**SEC. CUSI:** Is it what, sorry?

**JOSEPH MORONG:** Does it not compromise, sir, iyong ating posisyon given iyong arbitral award? Meaning, does it weaken our position in terms of the arbitral ruling?

**SEC. CUSI:** No, no way. In no way it weakens. First, this lifting of the moratorium is an exercise of our sovereign rights, ginagawa na po natin iyan. So, in no way it weakens the arbitral decision, and our MOU to explore a joint development program or cooperation with China, in no way that it weakens or giving away our sovereigns.

**JOSEPH MORONG:** Thank you for your time, Secretary Roque. Thank you. Regards kay GM Garcia.

